

REPUBLICA NG PILIPINAS )  
                            ) S.S.

**SINUMPAANG SALAYSAY**

Ako, si JEFFERSON ACENA SORIANO, Pilipino, walang asawa, nasa wastong gulang, at may address sa No. 74, Sto. Rosario Street, Brgy. Holy Spirit, Quezon City, ay malayang nagsasaysay, pagkatapos manumpa ng naaayon sa batas, na:

1. Isang gabi noong Mayo 2017, mga ika-8 ng gabi, ilang mga di-kilalang lalaki na armado ng mga baril at naka-suot ng pang-sibilyan ang dumating sa aking tirahan;
2. Ako lamang at ang aking pinsan na si Jomar Tugad (“Jomar”) ang nasa bahay noong oras na iyon;
3. Ang mga lalaki ay dumating sakay ng 2 van na kulay gray, na sa aking pagkakaalam ay ginagamit ng pulis kapag nagsasagawa ng “tokhang operations” sa aming lugar;
4. Pagkapasok nila sa aking bahay ay tinutukan nila ako ng baril habang tinatawag ang aking pangalan at ang pangalan ni Jomar;
5. Tinanong nila kami kung nasaan si Atchay, isang kaibigan na madalas bumisita sa amin;
6. Nang hindi namin sila maisagot ay hinawakan kami ni Jomar at pinagpapalo ng tabla sa ulo ng maraming beses habang patuloy na paulit-ulit na tinatanong;
7. Pagkatapos ay sapilitan kaming pinasakay sa isa sa mga van;
8. Sa loob ng van ay nakita ko sina Lyka, Salakab, at Jeffrey, aking mga kakilala, na unang naaresto sa amin;
9. Dinala nila kaming lima sa Precinct 6 kung saan may halos 20 na kapulisan ang nag-hihintay;

10. Sa Precinct 6, kaming lima ay patuloy na pinagpapalo ng tabla sa ulo habang tinatanong pa rin tungkol kay Atchay, ngunit wala sa amin ang makasagot;
11. Sabi ng isang pulis na kapag itinuro namin kung nasaan si Atchay ay bibigyan nila kami ng parte ng pabuya na matatanggap nila;
12. Pagkatapos ay isa-isa kaming kinunan ng litrato;
13. Dinala kami sa pang-apat na palapag o bubungan ng Precinct 6;
14. Buong gabi kaming tinorture ng mga pulis sa bubungan kung saan walang nakakakita sa amin;
15. Kami ay pinagpasa-pasahan ng marami sa kanila upang masikmuraan;
16. Hindi kami makatakas o makasigaw sapagkat may mga baril na nakatutok sa aming mga ulo;
17. Ng kina-umagahan, kami ay ibinalik sa loob ng Precinct 6;
18. Pinapirma kami sa isang dokumento na hindi pinabasa sa amin;
19. Sinabi ng isang pulis na may kaso na isinampa sa amin;
20. Wala na akong napagkaalaman tungkol sa kaso na sinabing isinampa at wala din akong natanggap na kahit ano mang dokumento kaugnay sa nasabing kaso;
21. Nang ako ay pinauwi, isang pulis na nagngangalang Vargas ang naghatiid sa akin gamit ang sasakyang pampulis;
22. Sa aking pagkaka-alam, wala akong natanggap na kahit anong subpoena or pag-sugo mula sa kahit ano mang korte kaugnay sa nasabing kasong inihain laban sa akin;
23. Noong ika-17 ng Hunyo 2017, ako at ang aking kaibigan na si Manuel Berbosa (“Manuel”) ay nakaupo sa isang sari-sari store sa interseksyon ng Sto. Rosario St.

24. Napansin ko na may isang 'di kilalang lalaki na nakatayo sa kabilang gilid ng kanto kung saan kami ay nakaupo;
25. Bandang 10:30 ng gabi, nakita ko ang isang lalaking sakay ng motorsiklo at may baril sa kanyang bulsa na huminto sa tabi nung di-kilalang lalaki, upang may iabot sa kanya;
26. Sa pagbaba ng lalaki mula sa kanyang motor, ay bigla niyang itinutok ang kanyang baril sa ulo ni Manuel at ito ay pinaputukan;
27. Isang metro lamang ang layo namin sa taong bumaril at nakita ko ang agarang pagpatay at pagbagsak ni Manuel sa sahig;
28. Agad akong napatayo sa gulat ng bigla na lang ako binaril sa kanang bahagi ng aking lalamunan, sa bandang ibaba ng aking panga;
29. Matapos akong tamaan ng bala, sinubukan kong tumakbo palayo, subalit ako ay muling binaril sa kanang hita na siyang nagpabagsak sa akin;
30. Dahil nakutuban ko na ako ay babarilin sa ulo, ipinasok ko ang aking ulo sa butas ng kanal;
31. Ako ay nilapitan at muling binaril ng pangatlong beses sa kaliwang bahagi ng aking lalamunan;
32. Nagkunwari akong patay hanggang sa narinig kong lumisan ang motorsiklo;
33. Hindi ako gumalaw hanggat may ilang tao na ang narinig kong pumapalibot sa akin;
34. Dumating ang ambulansya at dinala ako sa ospital;
35. Sa ospital, ang aking mga magulang ang tanging dumalaw sa akin, at walang kapulisan ang nag-imbestiga sa pangyayari;
36. Nagpasya kami ng aking pamilya na umalis kaagad ng ospital dahil sa takot na mabalikan ako ng taong bumaril sa akino ng kanyang mga kasamahan;

37. Bilang resulta ng pagtanggap ng dalawang bala sa aking lalamunan, ako ay nawalan ng boses;
38. Ikinakatakot ko na ako ay makita at mapatay ng bumaril sa akin at ng kanyang kasamahan, ngunit ako ay determinado na makamtan ang hustisya para sa ginawa nila sa akin at sa aking mga kakilala;
39. Isinasagawa ko ang salaysay na ito upang patotohanan ang lahat ng nakasaad sa itaas at para sa anupamang kadahilanang naaayon sa batas.

BILANG KATUNAYAN NG LAHAT, ako ay lumalagda ngayong ika- 12 ng Sentyembre, 2017, sa Quezon City, Pilipinas.

  
JEFFERSON MACENA SORIANO  
Nagsasaysay

SINUMPAAN AT NILAGDAAN sa harap ko ngayong ika- 12 ng Sentyembre, 2017, sa Quezon City, Philippines, at ipinakita sa akin ng nagsasaysay ang kanyang VIN F4D4-1399A-11484JAL100 na ipinagkaloob noong \_\_\_\_\_, sa \_\_\_\_\_.

NOTARYO PUBLIKO



JOSE AARON M. PEDROSA, JR.

Commission No. NP-147 (2016-2017)

Notary Public for Quezon City

Valid until December 31, 2017

117 Alley 2, Road 7, Project 6, Quezon City

Attorney Roll No. 61770

PTR No. 3864029 1/9/2017 Quezon City

IBP No. 1061213 1/9/2017 Pasig City

Doc. No. 281;  
Page No. 58;